**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

# KWENTO KO KAY JUANA, PEDRO AT JUAN

ni: **GLADYS A. ATIENZA**

**I.**

Sa pagitan ng mga tala ng milyong ngalan ng biktima—
*Oo, nanatiling andoon ang apelyido ni Juana.*
Subalit kung nahirapan kang hanapin ang ngalan ni *Juan*,
huling gabi ng ika-labing apat na araw agaran siyang lumisan.

**II.**

Maka-ilang buwan pa'y hindi sa sakit ng pugante'y nakipaglaban,
padyak ni *Mang Pedro*'y nakipagtunggalian sa dagat-dagatang ulan,
at sa huling magkasunod na kampay ng mga pagal na braso.
*Sa putikan*,
walang buhay,
katawan niya'y napagkamalaan na lamang na aso.

**III.**

Pinuhin man ang mga lusak sa dapit-hapon,
mananatiling kulimlim ang kalangitan.
Hindi kailanman babango ang lansa ng pamamaalam,
kung sa malabnaw na dugo ito lumisan.

**IV.**

Kaya sa kapalaran man ay makipagsanduguan,

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************
kwestyunableng Perlas ay ‘di pahirapan.
At kung sa kataksilan ng pandemya si juana’y naisalba,
bersyon ni pedro sa bagyo ay mananatiling kaluluwa.

**V.**

Reyalidad ang biktimang humarang sa pagsikat ng araw,
magpapatuloy itong sa silangan lilitaw.
Hindi man magkakabuhay ang mga kwento ng paglisan,
magiging katatagan ang iba’t ibang bersyon ng pagpanaw.

**VI.**

Matapos nito’y —
ang unang pagduyan sa tigib na perlas sa silangan,
pakiwari ng kahapo’y wagas na biyaya ng kalangitan.
Dagat-dagatang donasyon na ang nasa sa lansagan,
kapit-bisig na lundayan at lingkurang makabayan.

**VII.**

Iba’t iba man ang nangyaring uri nang pagpaslang,
kailan man ay hindi mababansagan ang pinas na *pinas lang!*
Dahil ‘di sigalot ng kalikasan ang magiging katapusan,
maging dugo ng kanyang dugo ay magkaubusan—
*kwento ka kay Juana, Pedro at Juan.*

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************